

Impormasyon tungkol sa Pamumuhay sa Iba't-ibang Wika



O Mga iba pang bagay tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay

[Bumalik sa TOP ng O Mga iba pang bagay tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay](#)

Dahil iba ang mga kinaugalian at pinagkasanayan sa sariling bansa, maraming pag-aalinlangan sa pinaka-unang pagkakataong manirahan sa Japan ngunit kapag nasanay sa buhay dito ay hindi na kailangang pang mag-alinlangan. Ang lahat ng tungkol sa pang araw-araw na pamumuhay, mga kaugalian sa Japan, pagtatapon ng basura, pag-aalaga ng hayop, public service at ang lahat ng tungkol sa pamumuhay sa Japan ay tatalakayin dito sa O Mga iba pang bagay tungkol sa pang araw-araw na pamumuhay.

1 Pantatak (inkan)

1-1 Magpagawa ng jitsuin at mitomein

tulad ng pirma, ang mga Hapon ay gumagamit ng pantatak (hanko) na kung saan nakaukit ang kanilang apelido o pangalan. Ang mga iba pang detalye na nauukol dito ay mababasa sa [D Mga iba pang pagpaparehistro 5 pantatak](#).



Impormasyon tungkol sa Pamumuhay sa Iba't-ibang Wika



O Mga iba pang bagay tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay

[Bumalik sa TOP ng O Mga iba pang bagay tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay](#)

2 Mga tuntunin, kaugalian at kasanayan sa pamumuhay

Ang lipunang Hapon ay may mga katangi-tanging patakaran at kaugalian sa pamumuhay tulad ng paglalabas o pagtatapon ng basura, pag-aalaga ng hayop, pag-iingay at paggamit ng kuwarto, pakikipagsalamuha sa mga kapitbahay, at pagdiriwang ng mga okasyon. Ang mga impormasyon para makapanirahan nang komportable sa Japan ay tatalakayin dito.

2-1 Mga holiday sa Japan

May 15 na araw na itinuturing o kinikilalang piyestang opisyal (holiday) sa Japan. Sarado ang mga paaralan, opisinang gobyerno at pampribadong opisina sa mga araw na ito ngunit ang mga shopping districts at department stores ay bukas tulad ng kapag ito ay bukas tuwing Linggo.

●Mga Piyestang Opisyal

Ika-1 ng Enero	Bagong Taon	Ipinagdiriwang ang bagong simula ng taon
Ika-pangalawang ng Enero	Lunes Coming of Age Day	Ipinagdiriwang ang pagkakaroon ng kamalayan at pagiging mayor-de-edad (20 taong gulang) ng mga kabataan
Ika-11 ng Pebrero	National Foundation Day	Paggunita sa pagkakatag ng bansa upang pagtibayin ang pagmamahal sa sariling Bayan
Ika-20 ng Marso		
(Iba-iba taun-taon)	Vernal Equinox Day	Paghanga sa kalikasan at pagpapahalaga sa mga nilalang
Ika-29 ng Abril	Araw ng Shouwa	Ginugunita sa araw na ito ang pagsulong mula sa kahirapan at ang panahon ng Shouwa na kung saan nakabangon ang bansa at ang pag-iisip ng kinabukasan ng bansa
Ika-3 ng Mayo	Araw ng Konstitusyon	Ipinagdiriwang ang pagkaproklama ng Konstitusyon ng Japan at paghahangad sa pag-unlad ng bansa
Ika-4 ng Mayo	Greenery Day	Ipinagdiriwang ang pagpapahalaga sa kalikasan at pagtanaw ng utang na loob dito
Ika-5 ng Mayo	Araw ng mga Bata	Ipinagdiriwang ang araw na ito para sa pagpapahalaga sa mga karapatan at paghangad sa mga kaligayahan ng mga bata at pagbibigay pasasalamat sa mga ina
Ika-tatlong ng Julyo	Araw ng Karagatan	Ipinagdiriwang ang araw na ito para sa pagbibigay pasasalamat sa mga pinakinabanganang mga yamang dagat at ang paghangad sa kasaganahan



Impormasyon tungkol sa Pamumuhay sa Iba't-ibang Wika



O Mga iba pang bagay tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay

[Bumalik sa TOP ng O Mga iba pang bagay tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay](#)

		ng mga bansang napalilibutan ng karagatan
Ika-tatlong Lunes ng Setyembre	Araw ng Paggalang sa mga Matatanda	Paggalang at pagbibigay pasasalamat sa mga itinulong ng mga matatanda sa lipunan at ang pagdiwang sa kanilang mahabang buhay
Ika-23 ng Setyembre		
(Iba-iba taun-taon)	Autumnal Equinox Day	Paggalang sa mga ninuno at sa mga lumaon na
Ika-pangalawang Lunes ng Oktubre	Araw ng Isports	Ipinagdiriwang upang maging malapit ang loob at kaisipan sa isports at upang magkaroon ng magandang kalusugan
Ika-3 ng Nobyembre	Araw ng Kultura	Pagpapahalaga sa kalayaan at kapayapaan at ang pagpapa-unlad sa kultura
Ika-23 ng Nobyembre	Labor Thanksgiving Day	Pagpapahalaga sa paggawa, pagdiriwang sa produksyon, at pagpapasalamat sa isa't-isa
Ika-23 ng Disyembre	Kaarawan ng Emperor	Ipinagdiriwang ang kaarawan ng Emperor



Impormasyon tungkol sa Pamumuhay sa Iba't-ibang Wika



O Mga iba pang bagay tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay

[Bumalik sa TOP ng O Mga iba pang bagay tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay](#)

2 Mga tuntunin, kaugalian at kasanayan sa pamumuhay




2-2 Tuntunin at kaugalian sa pamumuhay: Basura

(1) Patakaran sa pagtapon ng basura, araw ng pangongolekta

Ang basura galing sa bahay ay kinokolekta ng munisipyo na sumasakop sa tinitirhang distrito ngunit nakatakda ang araw at ang pamamaraan ng pagtapon o paglabas nito. Kailangang kumuha sa munisipyo ng pamphlet na nagpapaliwanag ng paraan kung paano magtapon ng basura upang masigurado ang sistema ng pangongolekta ng basura at ang araw, oras at paghihiwa-hiwalay nito. Kung nakatira sa apartment o mansion, kailangang magtanong sa nangangasiwa ng tirahan.

(2) Paghiwa-hiwalay ng basura

Iba-iba ang pamamaraan ng paghiwa-hiwalay ng mga basura sa bawat distrito ngunit ang pangkaraniwang paghiwa-hiwalay dito ay naaayon kung ang basura ay nasusunog, hindi nasusunog, at malaking basura. Ang mga sumusunod ay ang mga halimbawa ng nabanggit.

Basurang nasusunog	Basura mula sa kusina, mga gawa sa papel, kusot, mga damit o tela (Depende sa distrito, maaaring itinaturing itong basurang maaaring magamit muli)	
Basurang hindi nasusunog	Mga metal, babasagin, palayok, maliliit na gamit de-kuryente, plastik, gamit na gawa sa goma at iba pa	
Malaking Basura	Ang mga hindi na kinakailangan sa bahay na may laki na humihigit sa 30 cm tulad ng mga kasangkapan sa bahay, kama, gamit de-kuryente (maliban sa air-con, telebisyon, pridyeder at makinang panlaba), bisikleta at iba pa.	




Impormasyon tungkol sa Pamumuhay sa Iba't-ibang Wika



O Mga iba pang bagay tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay

[Bumalik sa TOP ng O Mga iba pang bagay tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay](#)

Basurang maaring magamit muli	Lata, boteng babasagin, boteng plastik, tetra-pack, dyaryo at iba pa. May mga distritong hiwalay itong kinukuha. * Ang pagbubukod ng mga basurang ito ay detalyadong nakasulat sa mga pamphlets na makukuha sa munisipyo na sumasakop sa tinitirahan. Isaulo ang tamang pagbubukod sa mga ito	
--------------------------------------	--	---

[Paalala] Mayroong mga iba-ibang salita o tawag sa mga basura katulad ng: kanen gomi /fukanen gomi, moeru gomi/moenai gomi, moyaseru gomi, moyasenai gomi

Mayroong mga basura na kapag sinunog ay maaring maglabas ng lason, at mayroon ding mga bagay na kapag sinunog ay nagiging sobrang init na halos ay sirain ang makinang ginagamit sa pangsunog ng basura na kung tawaging fukanen gomi. Ang paghihiwa-hiwalay o pagbubukod-bukod ng mga basura ay iba-iba ayon sa tinitirahang distrito kung kaya't kinakailangan ang lubos na pag-iingat.

Ang itinuturing moenai gomi ay depende din sa patakaran ng distritong tinitirahan at sa pamamaraan ng pagtapon ng basura.

Dahil sa mga nabanggit na dahilan, kaysa ituring kung ang basura ay maaring masunog o nasusunog mas mainam na sundin ang mga patakaran ng distrito ayon dito.

(3) Illegal na pagtapon

Ang basurang hindi itinapon nang tama ay hindi kokolektahin. Ang pagtapon ng basura sa hindi tamang lugar ay itinuturing "illegal na pagtapon" at mayroong katumbas na mabigat na parusa mula sa batas. Ito ay hindi lamang perwisyo sa mga kapitbahay kung hindi nakakasira sa kapaligiran kaya ito ay dapat nating iwasan.

(4) Kautusan laban sa pagtapon ng sigarilyo sa kalsada

Maraming lugar na mahigpit na ipinagbabawal ang pagtapon ng mga lata at mga sigarilyo sa gilid ng daan na kung tawagin ay poi sute boushi jyouri. Kapag nahuling nagtapon ng basura sa ganitong pamamaraan ay pagbabayaran ng multa o ipagbubunyag ang pangalan ng mayroong sala sa publiko. Iwasan nating magtapon ng sigarilyo o lata sa daan kahit na hindi man ito isang lugar na nagbabawal dito.

(5) Paraan sa pagtapon ng malalaking basura

Ang pangongolekta ng mga de-kuryenteng kagamitang pambahay o mga kagamitang pambahay na may kalakihan maliban sa aircon, telebisyon, pridyeder, priser, washing machine ay iba-iba depende sa tinitirahang distrito.

Mayroong mga lugar na kung saang ang pangongolekta dito ay sa nakatadang araw ngunit mayroon ding mga lugar na kung saan kinakailangan tumawag sa munisipyo at sasabihan kung kailan maaari itong kolektahin. Kinakailangan ding magbayad (ang bayad ay depende sa laki at sa kung ano ang itatapon) muna para sa pangongolekta ng ganitong klaseng mga basura.

Itawag sa munisipyo kung paano itatapon ang basura. Kapag maglilipat at maraming itatapon na basura o kasangkapan kailangang makipag-ugnayan sa munisipyo tungkol dito.



Impormasyon tungkol sa Pamumuhay sa Iba't-ibang Wika



O Mga iba pang bagay tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay

[Bumalik sa TOP ng O Mga iba pang bagay tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay](#)

(6) Mga gamit de-kuryente na maaaring ipa-recycle

Batay sa batas (tokutei kateiyoubi saishouhinka hou) ayon sa pagrerecycle ng mga de-kuryenteng kagamitan, tulad ng aircon, telebisyon, pridyeler, priser, washing machine ay hindi kokolektahin nang sabay-sabay. Kailangan pumunta sa pinagbilhang tindahan o mga tindahan na bumibili ng mga gamit na gamit na upang kunin ang mga itatapon ngunit tandaan na mayroong bayad ang ganitong serbisyo.





2 Mga tuntunin, kaugalian at kasanayan sa pamumuhay

2-3 Tuntunin at kaugalian sa pamumuhay: Pag-aalaga ng hayop

(1) Pagrehistro ng aso

Kapag mag-aalaga ng asong mahigit sa 91 araw makaraan ang kapanganakan, ang nag-aalaga o ang may-ari ay obligadong irehistro ito sa munisipyo. Pagkakalooban ng dog tag na nagpapatunay na ang aso ay rehistrado na. Kailangan ang dog tag buong buhay kaya importanteng ipasuot ang dog collar na nakakabit ang dog tag. Dahil dito kung mang ang aso ay makawala, kapag itinawag ng nagmamay-ari ang pagkawala ng aso sa munisipyo o health center siguradong maibabalik ito sa taong nagrehistro dito.

Ang dumi ng aso ay kinakailangang iligpit at itapon nang maayos kapag ang aso ay dumumi habang ito ay ipinapasyal. Ihanda ang mga kakailanganing gamit para dito sa tuwing lalabas na kasama ang aso. Sa Japan, bilang na bilang lang ang mga tirahan na nagpapahintulot sa pag-aalaga ng hayop sa loob ng bahay. Bago magdala o mag-alaga ng hayop sa tirahan, sumangguni muna sa taga-pamahala o may-ari ng tirahan. Ang asong napakawalan ay nagiging sanhi ng mga aksidente tulad ng pangangagat kaya importanteng ikadena ang asong inaalagaan.

(2) Bakuna laban sa rabies

Ang may-ari ng asong mayroong mahigit sa 91 araw ay obligadong ipabakuna ang aso laban sa rabies isang beses sa isang taon ayon sa batas. Ang sabay-sabay na pagpapabakuna ay nagaganap isang beses sa isang taon kaya ang mga nagparehistro ng kanilang mga aso ay makakatanggap ng paalala tungkol dito. Ang tungkol dito ay ipapahayag din sa mga bulletin board ng munisipyo. Kapag hindi nakasama sa maramihan o sabay-sabay na pagpapabakuna, maari ding magpabakuna sa beteneraryo. Matapos ang pagpapabakuna may matatanggap na chuusha sumishou at ito naman ay kailangan upang makapag-aplay ng kyoukenbyou yobou chuusha zumihyou o patunay na napabakunahan na ang aso.

(3) Kapag hindi na kayang alagaan ang hayop

Ang alagang hayop ay isang kasapi ng iyong pamilya kaya alagaan ito nang mayroong pagmamahal hanggang sa dulo. Kung dumating ang araw na hindi na kakayanin pang alagaan ang hayop dahil sa kung ano mang dahilan, humanap ng ibang taong maaring mag-alaga nito. Kapag hindi talaga makahanap ng kapalit na tagapag-alaga nito, sumangguni sa health center para malaman kung anong nararapat gawin dito.

(4) Kapag namatay ang alagang hayop

Kapag namatayan ng aso o pusa, maaring ipasunog ito sa punenarya ng munisipyo (mayroong bayad ito). Para



Impormasyon tungkol sa Pamumuhay sa Iba't-ibang Wika



O Mga iba pang bagay tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay

[Bumalik sa TOP ng O Mga iba pang bagay tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay](#)

sa iba pang mga detalye makipag-uganayan sa munisipyo.





O Mga iba pang bagay tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay

[Bumalik sa TOP ng O Mga iba pang bagay tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay](#)

2 Mga tuntunin, kaugalian at kasanayan sa pamumuhay

2-4 Tuntunin at kaugalian sa pamumuhay: Ingay sa araw-araw

Ang mga ingay sa loob at paligid ng bahay na dulot ng araw-araw na pamumuhay ay tinatawag na seikatsu souon. Ang mga ingay ay maaaring magmula sa ingay na dulot ng paggamit ng aircon, washing machine, paliguan at banyo, piano, stereo o radio, telebisyon, mga tahol o ingay ng aso at pusa. May mga ingay din na mula sa pag-akyat at pagpanaog ng hagdan at tunog mula sa pagbukas at pagsara ng pintuan. Ang pagpapagpag ng futon ay itinuturing ding ingay.

Ang problema mula sa mga ingay sa araw-araw na pamumuhay ay madalas maranasan sa mga tirahang katulad ng mga apartment at condominium dahil sa mga ingay galing sa nakatira sa taas at ibaba ng bahay. Ang ingay na sanhi ng mga reklamo ay iba-iba ang lakas depende sa nakakadama o nakakaririnig nito ngunit ang ingay sa gabi kahit gaano pa man kahina ay maaring madama nang malakas. Kapag sapit ng alas-9 ng gabi ay iwasan ng mag-ingay.



2 Mga tuntunin, kaugalian at kasanayan sa pamumuhay

2-5 Kasanayan sa pang-araw-araw: Pagligo (furo)

(1) Sa bahay

Ang mga paliguan sa loob ng bahay sa Japan ay nahahati sa dalawang parte, ang bath tub at ang paliguan. Ang paliguan ay ang parte kung saan hinuhugasan ang katawan at ang buhok. Pagkatapos maligo o hugasan ang buong katawan, lumulublob ang mga Hapon sa pinainit na bath tub upang maipahinga ang katawan.

Ang karamihan ng pamilya sa Japan kapag gumagamit ng bath tub ay hindi tinatapon kagad ang mainit na tubig hangga't hindi pa nakagamit ang pinakahuling miyembro ng pamilya. Kung kaya't siguraduhing malinis ang katawan kung gagamit ng bath tub dahil marami pang gagamit nito. Ang tubig na ginamit ay maari ding gamiting tubig panlaba at magagamit din kung lumindol at kapag nagkaroon man ng iba pang kalamidad.

Mabilis magkaroon ng amag sa Japan dahil sa mataas ang humidity kaya linisin nang maagi ang paliguan.

(2) Sa pampublikong lugar (sentou o public bath)

Kung walang paliguan sa bahay, maaring gumamit ng sentou na may bayad na pampublikong paliguan. Ito ay nahahati sa pambabae at panlalaki, pangkalahatan ang paggamit dito. Maliban sa maliit na tuwalya, ang mga sabon at iba pang kakailanganin ay kailangang baunin. Siguraduhing malinis na malinis na ang buong katawan bago gumamit ng pampublikong paliguan upang mapanatili ang tubig para sa iba pang mga gagamit nito. Iba-iba ang presyo at ang oras ng paggamit ng sentou ngunit ito ay karaniwang magagamit mula alas-3 ng hapon hanggang alas-11 ng gabi, ang bayad ng isang matanda ay umaabot ng 400 yen.

Ang mga tinatawag na super sentou at kenkou rando ay mayroong mga iba't-ibang klaseng paliguan at sauna ngunit mahal din ang presyo dito (mula 800 yen hanggang 2000 yen).

Mayroon ding mga sentou na hindi nagpapapasok ng mga taong mayroong tattoo.



O Mga iba pang bagay tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay

[Bumalik sa TOP ng O Mga iba pang bagay tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay](#)

2 Mga tuntunin, kaugalian at kasanayan sa pamumuhay

2-6 Kasanayan sa pang-araw-araw: Banyo

Mayroong dalawang uri ng banyo sa Japan. Ang banyo na tinatawag na washiki na kung saan ang ihian ay kapantay ng taas ng sahig, at ginagamit ito nang nakatingin sa may takip na parte. At ang isa naman ay ang tinatawag na youshiki na katulad ng banyo sa Pilipinas. Ang lahat ng pampublikong gusali ay mayroong dalawang klase ng banyong ito.

Kapag gagamit ng banyo ay kailangang magpalit ng tsinelas na nakahanda sa loob nito. Hindi lahat ng pampublikong banyo ay mayroong toilet paper kaya mas magandang magdala palagi ng toilet paper lalo na ang mga babae.



2 Mga tuntunin, kaugalian at kasanayan sa pamumuhay

2-7 Kasanayan sa pang-araw-araw: Sa loob ng bahay

(1) Magtanggag ng sapatos sa genkan

Tuwing papasok sa loob ng bahay sa Japan, ang mga Hapon ay nagtatanggag muna ng kanilang sapatos sa genkan o pasukan. Nagsusuot sila ng tsinelas sa loob ng bahay ngunit hindi sila nagsusuot ng tsinelas sa mga kuwartong ang sahig ay gawa sa tatami. Sa mga paaralan at ospital na kung saang marami ang taong nagsisilabas-pasok ay mayroong kanya-kanyang sistema ukol dito. Mayroong mga lugar na kung saan kailangang magtanggag ng sapatos at magpalit sa tsinelas at mayroon din namang mga lugar na hindi kinakailangang gawin ito.

(2) Futon at tatami

Ang futon ay diretsong inilalatag sa tatami at araw-araw ding nililigpit at itinatago sa loob ng aparador. Ang futon ay katulad ng kubrekama na sumisipsip ng pawahis kung kaya't kinakailangan itong ibilad sa araw kapag mataas at maganda ang sikat ang araw.

Ang unan, makapal na kumot o kakebuton, at ang shiki buton na nilalatag sa ilalim ay isang buong set na ginagamit pero mayroon ding mga taong naglalalatag ng kutchon sa ilalim ng shiki buton.

Ang tatami ay dapat regular na linisin sa pamamagitan ng paggamit ng vacuum, walis o paggamit ng maiging pinigang basahan.

2-8 Samahan ng mga kapitbahay (chounaikai) at Kapisanan para sa kasarinlan ng magkakapit-bahay (jichikai)

Mayroong mga samahan sa Japan na tinatawag na tinatawag na samahan ng mga kapitbahay (chounaikai) at kapisanan para sa kasarinlan ng magkakapit-bahay (jichikai). Para sa mas detalyadong impormasyon na nauukol dito, basahin ang [M Tirahan at pag-lipat bahay](#).

Impormasyon tungkol sa Pamumuhay sa Iba't-ibang Wika



O Mga iba pang bagay tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay

[Bumalik sa TOP ng O Mga iba pang bagay tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay](#)

2 Mga tuntunin, kaugalian at kasanayan sa pamumuhay

2-9 Mga importanteng seremonya at pagdiriwang

Sa Japan ay mayroong tinatawag na kankonsousai na pagdiriwang at seremonya ng pagdadalumhati. Ang kan ay mga okasyon tulad ng pagdiriwang kapag mayroong ipinanganak, pagdiriwang ng coming-of-age day o seijinshiki, mga pagdiriwang ng mga pagbabago sa buhay. Ang kon ay tumutukoy sa kasal o pagpapakasal. Ang sou ay ang mga seremonya sa libing o paggunita sa araw ng kamatayan ng malalapit sa buhay. Ang sai ay tumutukoy sa mga piyestang opisyal tulad ng bagong taon, Obon o araw ng pag-alala sa mga sumakabilang-buhay, Tanabata o Star Festival, at Shichigosan na kung saan ay ipinagdiriwang ang pagiging 7, 5 at 3 taong gulang ng mga bata. Sa loob ng mga nabanggit ang kon at sou ay ang mayroong pinakamaraming kaugalian o tradisyon na sinusunod. Mas magandang magpaturo ng tungkol dito sa kakilalang nakakatandang Hapon.

Kapag mayroong mga taong nalalapit sa pamilya na ikakasal, manganganak, magsisimulang magtrabaho, at magsisimulang papasok sa paaralan, kailangang obserbahan ang tradisyon ng pagpapadala ng regalo o pag-aabot ng pera. Kapag magbibigay ng pera ay dapat itong ilagay sa sobreng pang-okasyon.

Kung namang dadalo sa libing, ang lalaki ay kinakailangang magsuot ng itim na amerikana, puting polo, at itim na kurbata. Ang babae naman ay kinakailangang magsuot ng itim na damit. Kapag magbibigay ng pera, hindi dapat ito ilagay sa loob ng sobreng pang-okasyon. Iaabot ito sa tao sa reception. Dahil ang libing at kasal ay nababatay sa relihiyon, ito ay naiiba-iba. Dapat magtanong sa taong nakakaalam ng husto tungkol sa mga pagdiriwang na ito

Mga Iba't-ibang Okasyon	Ibig Sabihin o Nilalaman ng Okasyon	Mga Tradisyon o Kaugalian nito
Kan	Panganak, seijinshiki, mga pagdiriwang ng mga pagbabago sa buhay	Kapag mayroong mga taong mayroong magdiriwang na nalalapit sa pamilya, kailangang obserbahan ang tradisyon ng pagpapadala ng regalo o pag-aabot ng pera. Dapat ilagay ang pera sa sobreng pang-okasyon.
Kon	Kasal	Kapag mayroong kakilala o kaibigang ikakasal, kailangang obserbahan ang tradisyon ng pagpapadala ng regalo o pag-aabot ng pera. Dapat ilagay ang pera sa sobreng pang-okasyon.
Sou	Libing o paggunita sa araw ng kamatayan ng malapit sa buhay	Kung dadalo sa libing, ang lalaki ay kinakailangang magsuot ng itim na amerikana, puting polo, at itim na kurbata. Ang babae naman ay inaasahang magsuot ng itim na damit. Kapag magbibigay ng pera, hindi dapat ito ilagay sa loob ng sobreng pang-okasyon. Iaabot ito sa tao sa reception.



Impormasyon tungkol sa Pamumuhay sa Iba't-ibang Wika



O Mga iba pang bagay tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay

[Bumalik sa TOP ng O Mga iba pang bagay tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay](#)

Sai	Bagong Taon at pag-alala sa mga sumakabilang buhay, Tanabata, at Shichigosan mga taun-taonang ipinagdiriwang na okasyon	
------------	---	--

* Iba't-iba ang mga kaugalian ayon sa rehiyon at relihiyon.





3 Mga pangunahing serbisyo (basic services)

Tatalakayin dito ang tungkol sa mga kailangan sa pang-araw-araw na pamumuhay katulad ng kuryente, gas, tubig, mga pagpapadala ng sulat, at mga pamamaraan ng transportasyon at ang paggamit dito.

3-1 Kuryente

(1) Paraan para masimulan ang paggamit ng kuryente, bayad sa kuryente

Ang kuryente ay gumagana sa pamamagitan ng pagdaan nito sa metro ngunit ang kuryente ay hindi gumagana sa bahay na hindi ginagamit o hindi tinitirhan. Kapag lilipat sa bagong tirahan, kailangang tumawag muna sa kumpanya ng kuryente upang ipakonekta ang metro ng kuryente ng bahay. Pagkatapos isagawa ang nasabing proseso, iswitch ang breaker upang magamit ang kuryente. Ang kuryente sa mga bahay sa Japan ay 100boltahe. Ang mga gamit na hindi gawang Hapon ay mayroong ibang boltahe kaya dapat bumili ng adapter sa tindahan ng mga de-kuryenteng kagamitan bago ito gamitin.

Ang kailangang bayaran para sa kuryente ay sinusukat isang beses sa isang buwan at ipinapadala ang presyo at ang sukat ng nagamit na kuryente. Ang pagbabayad ay maisasagawa sa mga otomatikong postal o bank transfer, pwede din sa mga bangko, post office at convenience store.

(2) Frequency (shuuhasuu)

Ang frequency na ginagamit sa silangang bahagi ng Japan ay 50Hz, sa kanlurang bahagi ng Japan naman ay 60Hz. Ang mga ibinebentang gamit na de-kuryente sa Japan ay pwede o angkop para sa dalawang bahagi ng Japan kaya walang magiging problema dito. Ngunit kung maglilipat sa lugar na gumagamit ng ibang frequency o hindi malinaw kung ano ang ginagamit na frequency, mainam na linawin ang tungkol sa bagay na ito sa malapit na tindahan na nagbebenta ng de-kuryenteng kagamitan.

(3) Kapag nawalan ng kuryente o may brownout

Kung biglaang huminto ang daloy ng kuryente, kaagad tingnan ang switch ng breaker. Ang breaker ay nasa pader ng bahay o apartment, nasa pinakataas na parte ng pasukan kaya paglipat ng bahay ay kagad siguraduhin kung nasaan ito. Kung ang switch ng breaker ay nakababa, ito ay itaas at ilagay sa iri na ang ibing sabihin ay "on". Kapag wala pa ring kuryente tumawag na at sumangguni sa kumpanya ng kuryente. Sa ganitong pagkakataon, kakailanganin ang contract number o keiyakubangou kaya ihanda ito bago tumawag.

Paminsan kahit na hindi brown-out, hihinto ang kuryente kapag maraming de-kuryenteng gamit na sabay-sabay ginamit. Ibaba ang switch ng breaker at tanggalin ang saksakan ng mga de-kuryenteng gamit at saka itaas ulit ang switch ng breaker.



Impormasyon tungkol sa Pamumuhay sa Iba't-ibang Wika



O Mga iba pang bagay tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay

[Bumalik sa TOP ng O Mga iba pang bagay tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay](#)

(4) Pagpapatigil ng serbisyo (o sa oras ng paglipat-bahay)

Kung uuwi na sa sariling bansa o lilipat ng tirahan, maaring ipahinto ang serbisyo ng kuryente 3 o 4 na araw bago lumisan sa tirahan. Tumawag sa kumpanya ng kuryente at ibigay ang mga sumusunod na impormasyon tulad ng adres, pangalan, araw ng pag-alis o paglisan sa tirahan, bagong adres o telepono ng paglilipatan, contract number at sundin ang mga direksyon na ibibigay ng kausap na empleyado ng kumpanya ng kuryente. Ang babayaran na naakumula sa nagamit na kuryente ay ipapaalam sa pamamagitan ng bank transfer, o ipapadala ang halaga ng babayaran sa bagong adres.

●Mga Kailangang Malaman Tungkol sa Serbisyo ng Kuryente

Paggamit o Pagsimula ng Serbisyo	Tumawag sa kumpanya ng kuryente at gawin ang kinakailangang proseso, pagkatapos ay itaas ang switch ng breaker
Frequency	Silangang bahagi ng Japan: 50Hz Kanlurangang bahagi ng Japan: 60Hz
Kapag Namatayan ng Kuryente	<Kapag nawalan ng kuryente> I-check ang breaker → Pagkanakababa ang switch ito ay itaas, ilagay sa iri. Kapag hindi pa rin bumalik ang daloy ng kuryente, tumawag sa kumpanya ng kuryente (ihanda ang contract number o keiyakubangou) <Kapag nawalan ng kuryente dahil sa sobrang paggamit> Kapag sabay-sabay gumamit ng maraming de-kuryenteng kagamitan, maaring huminto ang daloy ng kuryente. Sa ganitong pangyayari, dapat tanggalin ang lahat sa saksakan, at pagkatapos ay itaas ang switch ng breaker
Pagpapahinto ng Serbisyo	Bago umuwi ng bansa o lumipat ng tirahan, ipaalam ang situasyon upang ipahinto ang serbisyo ng kuryente may 3 o 4 na araw bago lumisan sa tirahan at sundin ang mga direksyon ng empleyado ng kumpanya ng kuryente





3 Mga pangunahing serbisyo (basic services)

3-2 Gas

(1) City gas at LPG

Ang gas na ginagamit sa bahay ay mayroong dalawang klase: ang city gas o toshi gasu at ang LPG o kateiyou LP gasu at ang mga ito ay mayroong sarili-sariling aparato. Ang aparato ng city gas o toshi gasu ay hindi maaring gamitan ng gas na propane at ang aparatong para sa gas na propane naman ay hindi maaring gamitin sa aparato ng city gas o toshi gasu. Kailangang siguraduhin ang uri o klase ng gas dahil kailangang angkop ang aparatong gagamitin para dito. Kung bibili ng bagong aparato o lilipat ng ibang distrito, siguraduhin ang klase ng gas na gagamitin.

Ang paraan ng pagbabayad ng gas ay katulad din ng sa pagbayad sa kuryente.

(2) Paraan ng pagpapabukas ng gas

•city gas o toshi gasu: Kapag gagamit nito sa unang pagkakataon, kinakailangang ipaalam sa kumpanya ng gas ang pinakaunang araw kung kailan gagamitin ito. Pupunta ang empleyado ng kumpanya ng gas at bubuksan nito ang metro ng gas at eeksamenin nito ang aparato ng gas at ituturo nito ang mga kailangang malaman para sa tamang paggamit nito.

•LPG o kateiyou LPgasu: Kung mayroong LPG sa tinitirahan, kailangang pumunta sa nagbebenta nito upang mag-aplay sa paggamit nito. Tulad din sa city gas o toshi gasu mayroong pupunta upang eeksamenin ang aparato nito at upang ituro ang mga kailangang malaman para sa tamang paggamit nito.

(3) Kapag nagkaroon ng singaw ng gas

Ang mga palatandaan na mayroong singaw ang gas ay kung nangangamoy gas ang paligid, ang apoy ng gas range habang ito ay ginagamit ay kulay orange, at kung ang aparato ng gas sa tuwing ito ay gagamitin ay mayroong natatanging amoy. Ito ay nagiging sanhi ng sunog kaya kapag napansing mayroong singaw ang gas, gawin ang mga sumusunod:

1. Isara ang gas at buksan ang mga binta.
2. Patayin ang apoy at ang mga switch ng de-kuryenteng kagamitan.
3. Tumawag sa kumpanya ng gas.

Upang hindi mataranta sa mga ganitong mga panahon, siguraduhing ilagay ang telepono ng kumpanya ng gas sa madaling makitang lugar.

Impormasyon tungkol sa Pamumuhay sa Iba't-ibang Wika



O Mga iba pang bagay tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay

[Bumalik sa TOP ng O Mga iba pang bagay tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay](#)

(4) Pagpapatigil ng serbisyo (o sa oras ng paglipat-bahay)

Kung uuwi na sa sariling bansa o maglilipat na ng tirahan, tumawag kaagad sa kumpanya ng gas upang kaagad mapahinto ang serbisyo. Mayroong pupunta mula sa kumpanya ng gas at isasara ang gas at isasagawa nito ang mga kailangang proseso para sa pagbabayad ng gas.

●Mga Kailangang Malaman Tungkol sa Serbisyo ng Gas

Para masimulan ang paggamit	<ul style="list-style-type: none">• city gas o toshi gasu: tumawag sa kumpanya ng gas. Mayroong pupunta mula sa kumpanya ng gas upang buksan ang metro nito• LPG o kateiyou LPgasu: tumawag sa nagbebenta ng LPG at mag-aplay upang makagamit nito	
Kapag sumingaw ang gas	• Palatandaan na mayroong singaw:	Amoy gas Apoy ng gas range ay kulay orange kapag ginagamit Nangangamoy ang aparato ng gas kapag ginagamit
	• Mga dapat gawin:	1 Isara ang gas at buksan ang bintana 2 Patayin ang apoy at ang mga kagamitang de-kuryente 3 Tumawag sa kumpanya ng gas
Pagpapahinto ng serbisyo	Tumawag at ipaalam kagad sa kumpanya ng gas na ipahihinto na ang serbisyo	





3 Mga pangunahing serbisyo (basic services)

3-3 Tubig

Ang paggamit ng tubig at sewerage o kanal ay nangangailangan ng pagrehistro at bayad. Mayroong mga distritong mayroong kanal at mayroon ding mga walang kanal. Iba-iba din ang presyo ng kailangang bayaran kaya makipag-ugnayan tungkol dito sa munisipyo.

(1) Pagpapabukas at pagpapatigil ng tubig

Kung simulang gagamit ng tubig o kung ipapahinto na ang serbisyo nito, kailangan makipag-ugnayan sa kumpanya ng tubig o sa namamahala sa dibisyon ng tubig ng munisipyo at ibigay ang adres, pangalan, sabihin ang araw ng paglipat at sundin ang direksyon sa pagbayad ng tubig.

Ang pagbasa ng metro ng tubig ay isinasagawa tuwing dalawang buwan ngunit mayroon ding mga lugar na kung saan buwan-buwan isinasagawa ito. Ang pagbasa ng metro at ang pagbayad sa nagamit na halaga ng tubig ay ipinapadala at ito ay maaring bayaran sa mga bangko, otomatikong postal o bank transfer, pwede din sa mga bangko, opisina ng hulugan ng sulat, at convenience store.

(2) Kapag may sira ang gripo

Kapag sumabog ang gripo o kung ito ay mayroong sira, itali ito ng mahigpit ng tela ng hindi kumalat ang tubig, isara ang gripo at ito ay ipagawa. Makipag-ugnayan sa dibisyon ng tubig ng munisipyo.

(3) Sewerage at dumi

Ang paggamit ng sewerage o kanal ay iaplay kasabay ng pagsimula ng paggamit ng tubig. Ang babayaran ukol dito ay depende sa dami ng naggamit na tubig o sa bilang ng miyembro ng pamilya at ito ay sinisingil kasabay ng pagsingil sa tubig.

Para sa mga bahay na walang sewerage o kanal, mayroong bumubomba ng mga dumi. Makipag-uganayan sa mga otorisadong grupo na nagsasagawa nito. Ang bayad ay paiba-iba sa bawat rehiyon at ito ay naayon sa dami ng duming kailangang bombahin o sa dami ng taong nakatira sa bahay.

Impormasyon tungkol sa Pamumuhay sa Iba't-ibang Wika



O Mga iba pang bagay tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay

[Bumalik sa TOP ng O Mga iba pang bagay tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay](#)

●Mga Kailangang Malaman Tungkol sa Serbisyo ng Tubig

Para masimulan ang paggamit	Tumawag sa kumpanya ng tubig o sa dibisyon ng tubig ng munisipyo. Ibigay ang adres, pangalan, araw ng paglipat at sundin ang direksyon ng pagbayad.
Kapag maysira	Kung sumabog ang tubig, itali ng mahigpit ng tela ito upang hindi kumalat ang tubig, isara ang gripo at ipagawa ang sira
Sewerage pagpapabomba kanal	<p>o <Serbisyo ng sewerage></p> <p>laplay ang paggamit nito kasabay ng pag-aplay ng serbisyo ng tubig</p> <p><Serbisyo para sa bahay na walang sewerage></p> <p>Ang pagpapabomba → Itanong sa munisipyo ang mga grupong nagsasagawa ng ganitong serbisyo, ang paraan ng pag-aaplay serbisyo dito, at halaga</p>



Impormasyon tungkol sa Pamumuhay sa Iba't-ibang Wika



O Mga iba pang bagay tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay

[Bumalik sa TOP ng O Mga iba pang bagay tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay](#)

3 Mga pangunahing serbisyo (basic services)

3-4 Postal services

Ang “〒” ay ang tatak o simbolo ng tanggapan ng koreo at hulugan ng sulat. Hindi lamang pagpapadala ng sulat, maliliit na pakete, ekspres na pagpapadala ang ginagawa ng tanggapan ng koreo, mayroon ding serbisyo para sa pagtabi ng pera (Postal Bank Yuucho Ginko) at insurance (Kampo Seimei).

Ang serbisyo ng koreo ay mula alas-9 ng umaga hanggang alas-5 ng hapon mula Lunes hanggang Linggo (mayroon ding mga koreo na bukas ng Sabado at ng Sabado). At ang serbisyo ng tulad sa bangko at insurance ay mula alas-9 ng umaga hanggang alas-4 ng hapon mula Lunes hanggang Linggo..

•Ang homepage ng <http://www.post.japanpost.jp/> (nakasulat sa Hapon)
koreo ay <http://www.post.japanpost.jp/english/> (nakasulat sa Ingles)

(1) Domestic (Sa loob ng Japan)

Sa loob ng Japan, maaaring magpadala ng postcard, sulat, package, mga libro at iba pang gamit. Makakabili din dito ng kanseihagaki o opisyal na postcard at selyo. Ang shiseihagaki o pribadong postcard ay kinakailangang dikitan ng 50 yen na selyo. Kung magpapadala ng mga bagay na pinaprayorita ay maaring ipadala sa pamamagitan ng sokutatsu o pangmabilisang pagpapadala pero ito ay mayroong karagdagang kabayaran.

Ang pagpapadala ng package na kung tawaging yuupakku ay tulad ng takuhaibin (*) na kung saan idinideliwer ang package kinabukasan ng araw na ito ay ipinadala (maliban sa mga ibang lugar).

Ang adres sa Japan ay nagsisimula sa postal code, sumunod ang perezpektura, syudad, barrio, o kalye, distrito at barrio, at pinakahuli ang choume sa barrio. Ang ku na tulad ng sa Chuo-ku ay nasusulat ng kasunod ng shi katulad ng sa Sapporo-shi Chuo-ku at ito rin ay nasusulat pagkatapos ng to tulad ng Tokyou-to Chiyoda-ku. Ang adres ay nagtatapos sa numero ng bahay o ng apartamento (block○lot○ o banchi/○ban○gou).

Halimbawa:
〒100-0013
Tokyo-to Chiyoda-ku Kasumigaseki 3 choume 3 ban 2
gou

Kapag lilipat ng tirahan magpasa ng tenkyotodoke para ang mga sulat na nakaadres sa lumang bahay ay maipapadala sa bagong adres sa loob ng isang taon.

* takuhaibin

Ito ay serbisyong pagpapadala at pagdedeliwer ng mga gamit o package na isinasagawa ng pribadong sector. Maaring gumamit nito sa pamamagitan ng pagpapadala sa convenience stores o mga maliliit na tindahan o kung tumawag naman sa kumpanya ng direktso ay pupuntahan sa bahay upang kunin ang bagahe o package. Mayroon itong iba't-ibang klase ng serbisyo tulad ng pagtakda ng araw kung kailan ito nais ipadala, pagpapadala



Impormasyon tungkol sa Pamumuhay sa Iba't-ibang Wika



O Mga iba pang bagay tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay

[Bumalik sa TOP ng O Mga iba pang bagay tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay](#)

sa gabi, pagpapadala ng malamig o mga frozen na pagkain, at kung lalabas ng bansa at nais ipadala ang mga gamit, maaring gamitin ang serbisyong ito at darating ang mga kagamitan hanggang sa counter ng airport. Para sa mas detalyadong impormasyon tungkol dito, magtanong lang sa mga iba't-ibang kumpanya ng takuhaibin.

(2) International (Patungo sa ibang bansa)

Kung magpapadala sa ibang bansa, mayroong iba't-ibang klase tulad ng pagpapadala sa pamamagitan ng eroplano, barko at SAL at ang bayad dito ay naayon sa bigat at bansang patutunguhan. Ang SAL ay tumutukoy sa economy class, galing sa Japan at sa patutunguhang bansa ito ay ipinapadala sa pamamagitan ng eroplano ngunit sa loob ng Japan o sa loob ng bansang pinatunguan ito ay ipinapadala sa pamamagitan ng barko. Ang bilis ng mga nasabing serbisyo ayon sa bilang ng araw mula sa pagpapadala hanggang sa ito ay makarating sa patutunguang lugar ay, eroplano mula 3 hanggang 9 na araw, SAL mga 2 hanggang 4 na lingo, at barko mula 10 hanggang 80 araw. Para sa detalyadong impormasyon tungkol dito mangyari lamang makipag-uganayan sa nalalapit na koreo o post office



Impormasyon tungkol sa Pamumuhay sa Iba't-ibang Wika



O Mga iba pang bagay tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay

[Bumalik sa TOP ng O Mga iba pang bagay tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay](#)

3 Mga pangunahing serbisyo (basic services)

Ang mga pamamaraan ng transportasyon sa Japan ay ang tren, bus at taxi. Ang pagbili at pagsakay sa mga tren at bus ay iba-iba depende sa rehiyon. Siguraduhin ang mga pamamaraan ng pagsakay at pagbayad sa mga sasakyan sa mga lugar na malapit sa tinitirahan.

3-5 Tren


(1) Mga uri ng tren

Ang tren ay pinangangasiwaan ng iba't-ibang kumpanya tulad ng linya ng JR, ang linya na pinangangasiwaan ng perezpektura, at ang linya ng tren na pinangangasiwaan ng pribadong sektor. Mayroon ding mga iba't-ibang uri ng subway, monorail at street cars.

Ang pagkasunud-sunod ng tren ayon sa bilis nito ay shinkansen o bullet train, tokkyuu, kyuukou, kaisoku, at futsuu o ordinaryong tren, atbp (*). Ang lahat ng tren maliban sa futsuu ay hindi tumitigil sa mga estasyon kaya tingnan ang map ng tren para malaman ang mga estasyon na hinihintuan at hindi hinihintuan at upang masanay sa sistema ng tren.

* Depende sa distrito o sa linya ng tren, mayroon ding mga tinatawag na tsuukinkaisoku, kaisokutokkyuu, at jyunkyuu na mga iba't-ibang klaseng uri ng tren at ang bilis at hinihintuan nitong mga estasyon ay iba-iba din.

Mga kaibahan ng bilang ng pinaghihintuan ng Toukaidoushinkansen Nozomi, Hikari, Kodama <Halimbawa ng papuntang Tokyo~Shin-Osaka>



Mga halimbawa ng tawag sa mga klase ng tren ng kumbensiyonal na linya ng JR at mga pribadong tren ayon sa bilang ng hinihintuan nitong mga estasyon

Impormasyon tungkol sa Pamumuhay sa Iba't-ibang Wika



O Mga iba pang bagay tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay

[Bumalik sa TOP ng O Mga iba pang bagay tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay](#)



(2) Pagtiyak ng pupuntahan sa mapa (route map)

Siguraduhin ang pangalan ng estasyon at kung magkano ang halaga ng tiket sa nakapaskil na itaas na bahagi ng bilihan ng tiket. At sa JR, ang papalapit sa Tokyo ay tinatawag na nobori at ang papalayo sa Tokyo ay tinatawag na kudari. Ang linyang papaikot naman ay tinatawag na sotomawari o uchimawari.

(3) Pamasaha

Kapag sasakay sa tren ay kinakailangang magbayad ng halaga na ayon sa layo ng patutunguhan, subalit mayroon pang kinakailangang karagdagan babayaran tulad ng tokkyuuryoukin, kyuukouryoukin kapag sasakay sa mga tren ng JR tulad ng shinkansen, tokkyuu, at kyuukou. At sa tren na mayroong tulugan na kung tawaging shindairressha, kailangang magbayad ng shindairyokin at kapag uupo sa upuan na nakatakda na kung tawaging shiteiseki, kinakailangang magbayad ng shiteiryokin.

Ang batang edad 12 taon ay kalahati ng bayad ng matanda, at ang bata hanggang 2 na kasama ng magulang na mayroong 6 na taong gulang ay libre. Ang ikatlong bata ay kalahati ng bayad ng sa matanda.

(4) Pagbili ng tiket

Ang tiket ng tren ay nabibili sa otomatikong bilihan ngunit maari din itong bilihin sa window ng estasyon kailangan lang sabihin ang lugar na patutunguhan. Kung hindi pa sanay gumamit ng otomatikong bilihan mas mapapanatag ang loob kapag bumili ng tiket sa window ng estasyon.

Maliban sa ordinaryong tiket, ang mga sumusunod ay mga uri ng tiket na maaring mabili.

Commuter's pass o teikiken	Mayroong itong dalawang uri, ang tsuugakuteiki na parasa mag-aaral na nagkokomyut at ang tsuukinteiki para naman sa nagtrabaho na. Ito ay mayroong halagang pang isang buwan, tatlong buwan, anim na buwan at isang taon.
Ticket set o kaisuken	Isang banig ng tiket na mayroong lamang labing-isang tiket na maaaring mabili sa presyo ng sampung tiket.

Impormasyon tungkol sa Pamumuhay sa Iba't-ibang Wika



O Mga iba pang bagay tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay

[Bumalik sa TOP ng O Mga iba pang bagay tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay](#)

Roundtrip ticket oufukukippu	Isang set ng tiket na papunta at pabalik. Maaring makamura kung paminsan.
One day ticket pass ichinichijyoushaken	Nakatanda kung hanggang saan maaring gamitin ang tiket at maaring maglabas pasok ng gamit ang tiket o na ito sa loob ng isang araw.
IC card	"Suica"(JR ng East Japan), "TOICA"(JR ng Toukai), "ICOCA"(JR ng West Japan) at ang maaring gamitin sa mga pangunahing linya ng tren at bus sa mga lungsod na kung tawaging "PASMO." May sistema na unang babayaran ang isang nakatakdang halaga, at may sistema ring saka na lamang sisingilin ang nagamit na halaga.

(5) Ticket gate (jidou kaisatsu)

Kapag dadaan o papasok sa otomatikong ticket gate at ipinasok ang tiket, ito ay lalabas sa kabilang dulo ng pasukan. Huwag itong kakalimutang kunin at itago. Kapag palabas naman, ang tiket na ipinasok sa otomatikong ticket gate ay hindi na muling lalabas kaya dumaan at huwag na itong hintayin pang bumalik.

Kung walang otomatikong ticket gate, patatakan ang tiket bago sumakay.





3 Mga pangunahing serbisyo (basic services)

3-6 Bus

(1) Bus terminal

Ang karamihan ng terminal ng bus ay nasa mga pangunahing istasyon ng tren.

(2) Iskedyul ng bus

Nakapaskil ang iskedyul o oras ng pagdating o pag-alis ng bus sa lahat ng hintuan ng bus. Kadalasang ang oras ng bus ay naayon sa oras ng pagdating ng tren. Sa mga lungsod, ang oras o iskedyul ng bus ay hindi inaayon sa oras ng tren ngunit ito ay kadalasang sanhi ng trapiko kung kaya't hindi ito sinusunod.

(3) Destinasyon ng bus

Ang patutunguhan ng bus ay nakapaskil sa harap na salamin ng bus. Kung hindi alam ang patutunguhan ng bus itanong ito sa tagapagmaneho ng bus.

(4) Pagsakay ng bus

Itaas ang kamay kapag dumating ang sasakyang bus sa hintuan o sakayan. Mayroong dalawang klase ng bus: ang bus na ang pasukan ay mula sa harapan at nauuna ang pagbayad at ang isang klase naman ay kung saan ang pasukan ay sa gitna ng bus at sabay pagpasok ay kailangang kumuha ng tiket na kung tawaging seiriken. Ang bata (hindi lumalagpas ng 12 anyos) ay kalahati ng bayad ng matanda (iround-off sa 10 yen kapag alanganin ang halaga nito). Kung ang bata ay kasama ng magulang, libre hanggang dalawang bata, at ang ikatlong bata ay kalahati ng sa matanda

(5) Pagbaba ng bus

Pindutin ang pindutan kapag nabanggit na ang bababaang lugar. Ang mga presyo o halaga ng kailangang bayaran ay makikita sa pinakaharap na parte ng bus kaya siguraduhin ang numero ng tiket at tingnan kung magkano ang kailangang bayaran. Ang bayaran ay nasa gilid ng tagapagmaneho na otomatikong bayaran. Inilalagay ang tiket at ang bayad sa otomatikong bayaran. Kung walang barya, papalitan ang pera sa papalitan na nasa tabi ng otomatikong bayaran.

(6) Sistemang diskwenta para sa matipid na pagsakay

Mayroon ding mga iba-ibang klase ng tiket para sa bus tulad ng commuter's pass, ticket set, at private card na mayroong diskwento.

